

MGA PANANAGUTAN NG MGA PANGUNAHING EMPLEYADO NG MGA SUGALAN SA CALIFORNIA



KOMISYONG NAGKOKONTROL NG PAGSUSUGAL SA CALIFORNIA

Sa mga sugalan sa California, mas mataas ang itinakdang pamantayan para sa mga Pangunahing Empleyado kumpara sa mga hindi pangunahing empleyado. Sa katunayan, ang mga pangunahing empleyado ay ibinibilang na bahagi ng “[house](#),” at napapasailalim sa natatanging mga kahilingan sa pag-uulat. Ang mga Pangunahing Empleyado ay dapat sumunod sa Batas na Nagkokontrol sa Pagsusugal (“Batas”), at sa mga regulasyong inilathala ng Komisyong Nagkokontrol ng Pagsusugal sa California (Komisyon) at ng Kawanihan ng Pagkontrol sa Pagsusugal (Kawanihan). Ang mga kumpletong kopya ng Batas at ng mga regulasyon ay makikita sa [website ng Komisyon](#).

Paglilisensya

Tiyaking lagi mong suot ang badge ng Pangunahing Empleyado sa paraang nakikita at halatang-halata habang nasa atas.

Temporaryong Lisensya ng Pangunahing Empleyado

- Maaaring humiling ang mga Aplikante ng isang Temporaryong Lisensya ng Pangunahing Empleyado sa pamamagitan ng pagtingin sa kahong “Karagdagang Hiling Para sa isang Temporaryong Lisensya” sa Seksyon 2 ng [Aplikasyon Para sa Pang-Emplyadong Uri ng Lisensya](#).
- Kung ang aplikante ay mayroong balidong permiso sa pagtatrabaho mula sa Komisyon o lisensyang pang-emplyado para sa Third-Party Provider ng mga Proposition Player Services (TPPPS), ang Kawanihan ay maglaan ng isang rekomendasyon sa Komisyon kaugnay ng temporaryong lisensya sa loob ng 15 araw mula nang matanggap ang aplikasyon. Kung ang aplikante ay wala ng naturang permiso o lisensya, iyon ay 15 araw mula nang matanggap ng Kawanihan ang mga resulta ng fingerprint ng aplikante.
- Balido ng hanggang 2 taon habang iniimbestigahan at nirerepaso pa ang aplikasyon sa pagiging Pangunahing Empleyado.
- Awtoridad: [4 CCR §§12124, 12122\(c\)\(2\)](#)

Lisensya ng Pangunahing Empleyado

- Kailangan ang isang balidong Lisensya ng Pangunahing Empleyado bago ganapin ang trabaho ng isang pangunahing empleyado, maliban sa isang dahilan: ang mga empleyadong nagtatrabaho para sa mga korporasyon ay maaaring magsimulang magtrabaho bilang pangunahing empleyado kung ipapasa nila ang kanilang aplikasyon sa Kawanihan sa loob ng 30 araw mula nang tanggapin ang posisyon bilang pangunahing empleyado.
- Ang Kawanihan ay hinihilingang kumilos may kinalaman sa mga aplikasyon sa loob ng 180 araw mula nang matanggap ang isang kumpletong aplikasyon. Gayunpaman, mayroong mga eksepsyon na maaring magpalawig pa ng panahong iyon.
- Awtoridad: [Business and Professions Code §§19883, 19855, 19868](#)

Pagpapanibago sa Lisensya ng Pangunahing Empleyado

- Dapat panibaguhin ang mga Lisensya kada 2 taon.
- Magbigay ng isang aplikasyon ng pagpapanibago sa Kawanihan sa [loob ng 120 araw](#) ng petsa ng pagkakapaso ng kasalukuyang lisensya.
- Responsibilidad MONG siguruhing maibigay ng nasa oras sa Kawanihan ang iyong dokumento ng pagpapanibago! Huwag umasa sa isang Inatasang Ahente o sa sinupamang tao para sa pagiging tumpak, kumpleto, o pagkasunod-sunod ng mga proseso ng iyong aplikasyon sa pagpapanibago.
- Awtoridad: [Business and Professions Code §19876](#)

MGA PANANAGUTAN NG MGA PANGUNAHING EMPLEYADO NG MGA SUGALAN SA CALIFORNIA

Pag-uulat

Ang mga Pangunahing Empleyado ay dapat sumulat upang magbigay-alam sa Kawanihan tungkol sa mga sumusunod sa loob ng 5 araw:

- Alam na mga posibleng paglabag sa Batas o mga regulasyon ng Komisyon;
- Pagkatapos malaman, mapansin, o makipag-ugnayan sa mga nagpapatupad sa batas tungkol sa hinihinalang mga paglabag sa Batas at/o mga regulasyon at espesipikong mga paglabag sa batas. Tingnan ang [4 CCR §12395\(a\)\(3\)\(A\)](#) para sa listahan ng mga espesipikong mga paglabag na dapat iulat;
- Anumang pandaraya na iniulat ng isang may lisensyang pang-TPPPS.
- Awtoridad: [11 CCR §2052\(c\)](#); [4 CCR §§12395\(a\)\(3\)\(A\)](#), [12270\(b\)\(17\)](#)

Dapat sumulat upang bigyang-alam ng mga Pangunahing Empleyado ang Kawanihan tungkol sa mga sumusunod sa loob ng 10 araw:

- Anumang legal na di-pagkakasundo sa pagitan ng may negosyong TPPPS na lisensya at ng may negosyong sugalan na lisensya;
- Pagka-aresto ng isang may lisensyang pang-TPPPS sa establisyimento ng sugalan;
- Pagtanggap sa isang may lisensyang pang-TPPPS mula sa establisyimento ng isang opisyal na namamahala sa kapayapaan ng lugar o ng may negosyong sugalan na lisensya;
- Isang di-pagkakasundo sa pagitan ng may lisensyang pang-TPPPS at ng suki na hahantong sa pag-uulat ng isang opisyal na namamahala sa kapayapaan ng lugar at pagpapaalis mula sa establisyimento.
- Awtoridad: [4 CCR §12270\(b\)\(15\) & \(b\)\(16\)](#)

Pagbabago sa Pagtatrabaho

- [Bigyang-alam ang Kawanihan](#) sa loob ng 10 araw mula nang matanggap o matanggal sa trabaho sa isang sugalan.
- Tandaan, ang iyong Lisensya ng Pangunahing Empleyado ay maaaring dalhin kahit saan; ang iyong lisensya ang nakapangalan sa iyo, hindi sa sugalan. Laging bigyang-alam ang Kawanihan tungkol sa (mga) lugar na pinag-tatrabahuhan mo.
- Awtoridad: [4 CCR §12110](#); [Code sa Negosyo at Mga Propesyon §19854\(c\)\(2\)](#)

Pangunahing Empleyado na Nasa Atas

- Dapat may kahit isang lisensyadong Pangunahing Empleyado o lisensyadong may-ari sa lugar sa loob ng mga oras na tumatakbo ang establisyimento ng sugalan upang subaybayan at siguruhing nasusunod ang Batas na Nagkokontrol sa Pagsusugal at ang mga regulasyon ng Komisyon.
- Awtoridad: [11 CCR §2050](#) & [4 CCR §12391\(b\)](#)

Pagsasanay Tungkol sa Adiksiyon sa Pagsusugal

- Ang mga Pangunahing Empleyado ay dapat sumailalim sa taunang pagsasanay tungkol sa adiksiyon sa pagsusugal.
- Ang mga bagong empleyado ay dapat tumanggap ng taunang pagsasanay tungkol sa adiksiyon sa pagsusugal sa loob ng 60 araw mula nang matanggap nila ang kanilang lisensya, o magsimulang magtrabaho, alinman ang mahuhuli.
- Awtoridad: [4 CCR §12462 \(b\)\(1\) & \(c\)\(3\)](#)

MGA PANANAGUTAN NG MGA PANGUNAHING EMPLEYADO NG MGA SUGALAN SA CALIFORNIA

Mga Sukiing Hindi Puwedeng Sumali/Pinagbabawalan

- Agad na palabasin ang mga tao na kasama sa pang-estadong listahan ng mga di-boluntaryong hindi puwedeng sumali at ang mga suki na sinusubukang pumasok na humiling na pagbawalan siya o hindi isali.
- Bigyang-alam ang Kawanihan tungkol sa anumang mga pagpasok o pagsubok na pumasok ng suki na kasama sa mga di-boluntaryong hindi puwedeng sumali, nagbawal sa sarili, at/o nasa listahan ng mga boluntaryong hindi nagpapasali.
- Awtoridad: [4 CCR §§12362\(q\)](#), [12463](#), [12464](#)

Mga Pagbabawal

Ang mga Pangunahing Empleyado ay pinagbabawalang:

- Magkaroon ng posisyong player-dealer sa establisyimentong pinagtatrabahuhan;
- Magkaroon ng interes sa mga pondong itinaya, natalo, o napanalunan sa establisyimentong pinagtatrabahuhan;
- Maghiganti laban sa iba dahil sa pakikipag-ugnayan nito sa Komisyon, Kawanihan, o iba pang ahensya;
- Magbigay ng proposition player services at magtrabaho bilang isang pangunahing empleyado sa iisang establisyimento ng sugalan.
- Awtoridad: [Code sa Negosyo at Mga Propesyon §§19805\(c\), 19805\(t\), 19984\(a\)](#); [Kodigo sa Parusa §330.11](#); [4 CCR §12270\(b\)\(11\) & \(d\)](#)